


ANG HINAHARAP NG PAGBOTO

Simula sa taon ng 2018, matatanggap ng lahat ng rehistradong botante sa mga kasaling lalawigan, ang kanilang mga balota sa pamamagitan ng sulat, ilang linggo bago ang eleksyon. Karamihan ng mga lugar ng botohan ay hindi na muling gagamitin sa pagboto. Sa halip, ikaw ay magkakaran ng **3 pagpipilian** kung paano bumoto.




PAGBOTO GAMIT ANG KOREO

Maaaring ipadala ang balota gamit ang koreo sa oras na matanggap ito.



KAHONG HULUGAN NG BALOTA

Maaaring ihulog ang balota sa kahit saang ligtas na Kahong Hulugan ng Balota sa oras na matanggap ito. Hindi kinakailangan ng selyo sa mga Kahong Hulugan ng Balota.



SENTRO NG PAGBOTO

Maaaring ikaw mismo ang bumoto sa pamamagitan ng pagbisita sa kahit saang Sentro ng Pagboto sa iyong lalawigan. Lahat ng Sentro ng Pagboto ay magbubukas nang hindi lalagpas sa apat na araw: simula Sabado, Hunyo 2 hanggang Martes, Hunyo 5. Ang ibang Sentro ng Pagboto ang magbubukas hanggang 11 na araw simula Sabado, Mayo 26. Sa bawat Sentro ng Pagboto, maaari kang:

- Bumoto ng personal.
- Magparehistro at bumoto sa parehong araw, hanggang sa Araw ng Eleksyon.
- Ihulog ang kumpletong balota.
- Bumoto sa may pinakamalapit na magagamit na makinang pamboto.

BAKIT ANG PAGBABAGO?

Ang Batas sa Pagpili ng Botante ay ginawa para maging mas maginhawa at madali ang pagboto.

- **Maaaring kang pumili kung PAANO ka boboto:** Gamit ang koreo, ang Kahong Hulugan ng Balota or Sentro ng Pagboto. Ikaw ay maaari pumili ng paraan na mas madali para sayo. Ang mga botanteng may kapansanan ay maaaring gamitin ang kanilang sariling teknolohiya para markahan ang kanilang mga balota sa bahay.
- **Maaari kang mamili kung KAILAN ka boboto:** Sa halip ng isang araw na pagboto, maaari kang bumoto hanggang 11 na araw – kahit tuwing Sabado at Linggo.
- **Maaari kang pumili kung SAAN ka boboto:** Maaari kang bumoto habang nasa bahay o sa kahit saang Sentro ng Pagboto sa iyong lalawigan.
- **Makukuha mo ang SUPORTANG iyong kailangan:** Ang tauhan ng Sentro ng Pagboto ay tutulong para ikaw ay magkaroon ng mahusay na karanasan sa pagboto, kasama ang pagbibigay ng tulong sa ibat ibang wika at sa mga botanteng may kapansanan.

PARA SA KARAGDAGANG KAALAMAN:

VotersChoice.sos.ca.gov at
VotersChoice.org.

Para magpalista upang makatanggap ng updates o sumali para tumulong sa paghahanda at turuan ang mga botante, makipag-ugnay sa VCC@futureofcaelections.org.

MGA LALAWIGAN NA KASALI:

- Madera
- Napa
- Nevada
- Sacramento
- San Mateo